

Mga Politika ng Dila: Imahe(Nasyon), Kaakuhan at Erotisismo sa Nobelang Lumbay ng Dila (2010)

JOHN CLIFFORD E. SIBAYAN

UNIBERSIDAD NG PILIPINAS DILIMAN

ABSTRAK

Ang pagkalikha ng nobela, ayon sa kritikong si Resil Mojares, ay isang pambansang proyekto. Dumaan ito sa mahabang pagbabago mula sa pagkabatid natin sa genre ng nobela na ipinaman ng mga kolonyalistang Kastila hanggang sa pagbabagong pinagdaanan nito sa ilalim ng mga kolonisador at imperyalistang Amerikano at Hapon, hanggang sa kontemporaryong produksyon ng mga kasalukuyang nobelista. Ang papel na ito ay tinatayang ambag sa patuloy na pag-aaral ng tradisyon ng nobela sa Pilipinas, gamit ang isang nobelang nagmula sa rehiyon ngunit nakasulat sa wikang Filipino, ang nobelang Lumbay ng Dila (2010) ni Genevieve L. Asenjo. Bilang ambag sa pagpapaunlad ng pag-aaral ng nobela, sinuri ng papel na ito ang iba't ibang politika o relasyong pangkapangyarihan na nagtatalaban sa nobelang Lumbay ng Dila. Bilang isa sa mga kontemporaryong nobela, masisipat sa Lumbay ng Dila ang mayamang talaban ng mga politika o relasyong pangkapangyarihan. Sa partikular, ipinakita sa papel ang politika ng wika, politika ng espasyo, politika ng katawan at politika ng kasaysayan – at kung paano nito hinulma ang proyekto ng bansa bilang isang nobela.

TUNGKOL SA AWTOR

Si John Clifford Sibayan o JC ay nagtatapos ng MA Araling Pilipino (Philippines Studies) sa University of the Philippines, Diliman. Nagtapos siya ng BSE Filipino sa Philippine Normal University, Manila. Dati siyang Punong

Patnugot ng The Filipino Student ng National Union of Students of the Philippines (NUSP) at palagiang tagapagsalita at resource person para sa panitikan, social media, kulturang popular at bagong midya. Kasalukuyan siyang punong guro ng Agape Christian School of Floridablanca, Inc. (ACSFI).

Susing salita: nobela, politika, tradisyon, wika, espasyo

PANIMULA

Ang nobelang *Lumbay ng Dila* ni Genevieve L. Asenjo ay tigib sa iba't ibang mukha ng politika. Mula sa politika ng kasaysayan at espasyo hanggang sa politika ng wika at katawan, ang nobela ni Asenjo ay marapat saludsurin sa nagtatalabang mga ideolohiya sa loob at sa labas ng nobela na nagbunsod ng pagkabuo nito. Samu't sari ang "mga politika ng dila" na maaaring suriin sa nobela. Sa mga politikang ito sesentro ang papel na ito.

Ayon kay Raymond Williams, isang cultural materialist, ang politika ay "conflict between classes" (113). Nangangahulugan ito ng relasyong pangkapangyarihan sa pagitan ng mga uri sa lipunan o uring panlipunan. Mas direkta naman ang talakay ng Pranses na sosyolohista at antropolohistang si Michel Foucault hinggil sa politika bilang usapin ng kapangyarihan o discourse of power. Sa serye ng mga panayam kay Foucault, makikita kung paano niya tinalakay ang pagkakabuo ng mga polis o siyudad at kung paano ito pinamahalaan; may partikular na tuon sa pagmamatyag at pagpapatakbo ng mga pulis. (79-80) Ibig sabihin, mayroon nilikhang relasyong pangkapangyarihan: may pinatatakbo at may nagpapatakbo; may minamatyagan at may nagmamatyag.

Hindi lamang kapangyarihan ng pamahalaan at ng pulis ang turol ng diskurso ni Foucault. Kasama sa usaping politikal ang kasaysayan, batas, sekswalidad, kamalayan at kultura. Pagbubukas ito ng direksyon para sa larangan ng political studies na hindi lamang nakasentro sa gobyerno at batas. Sa talamak na kontemporaryong nosyon ng politika sa kasalukuyan, ang politika ay tila naikahon na lamang sa larangan ng pamahalaan, na ang pinakarurok nga ay ang eleksyon o halalan. Ngunit sa diskurso ni Foucault, sentral na usapin ang kapangyarihan at hindi lamang sa lebel ng pamahalaan (96). Dahil ang politika ay relasyong pangkapangyarihan na hindi lamang nakaimbudo sa usapin ng mga uring panlipunan. Politikal na usapin rin ang katawan, wika, kasarian, kultura, at lahat ng ideya at

kaalaman na pumapaimbulog sa ating lipunan. May relasyong pangkapangyarihan sa lahat ng aspeto ng buhay at lipunan.

Sa nobela ni Asenjo, makikita ang masalimuot na mga relasyong pangkapangyarihan: mula sa kinalakhang bayan tulad ng sa Barasanan, Antique, sa mga magulang ni Sadyah na dating mga kumander ng Bagong Hukbong Bayan o New Peoples Army (NPA), sa mga magugustuhan at makakarelasyong mga lalaki, sa paggamit ng wika, sa pakikipagtalastasan gamit ang teknolohiya ng internet at cellphone, hanggang sa usapin ng katawan, trabaho, kasaysayan at kamalayan. Samakatuwid, lahat ay politikal. Ganito maaaring taluntunin ang nobelang Lumbay ng Dila ni Asenjo – ang pagsusuri at pagsisiwalat sa mga lantad, lantay at kubling mga politika na matatagpuan at lumikha sa nobela.

POLITIKA NG NASYON AT KASAYSAYAN

Sa nobela, mula sa Barasanan, Dao, Antique ang tauhang si Sadyah. Isa ito sa locus o lunan-nasyon, kasalitan ng Maynila, na iniinugan ni Sadyah. Tulad sa totoong buhay, ang paglalarawan ng nobela sa Barasanan ay tigib ng kuwento ng kahirapan, pagsisikap at pag-asa. Tulad sa totoong buhay, ang Barasanan ay isang barangay na kabilang sa Dao na mas kilala na ngayon bilang Tobias Fornier batay sa bisa ng Batas Pambansa Blg. 10 ng 1987. Ayon mismo sa opisyal na website ng probinsiya ng Antique, isang fourth class municipality ang Dao.

Tulad nang mamamalas sa nobela, ang Barasanan, ang Dao, ang Antique, ay mga mukha ng kahirapan na nakasaklot sa bansa. Halimbawa, sa 50 barangay na bumubuo sa Dao ay dalawa lamang ang itinuturing na urban area (sentro ng komersyo at ilusyon ng pag-unlad) habang 48 barangay naman ang rural at agrikultural pa rin. Pinakamalaking produksyon rito ay palay, sunod ang niyog at mais. Totoong-totoo ang katawagan at penomenong layas Antiquenos o layas nga Antiquenos sa takbo ng mga pangyayari sa Lumbay ng Dila. Lumbay na pang-ekonomiya ang pangunahing dahilan ng paglayas o pag-alis ng mga Antiqueno mula sa Antique upang makipagsapalaran sa ibang bahagi ng bansa o mundo. Makikita sa nobela na ang kahirapan sa Antique, sa pangkabuuan, ay bunga ng konsentrasyon ng yaman sa iilang naghaharing pamilya sa Antique. Kaya rin marami ang sumasapi sa NPA mula sa Antique dahil mismo rito.

Ngunit tulad ng iba pang naghaharing kaayusan, kumakasangkapan ang lokal na pamahalaan at naghaharing uri ng Antique ng tinatawag ni Foucault na “procedures for training and exercising power over individuals” (105) upang mapasunod ang mga masang Antiqueno at upang mapagtakpan ang kanilang pagmamalabis. Ang mga procedure at metodong ito ay hindi lamang natatali sa porma ng mga batas, kundi maging sa mga pormang pangkultura tulad ng mga pista, pagdiriwang at tourist attraction. Sa kaso ng Antique, ito ang taunang “Binirayan Festival” at ang pagpapatampok ng mga “beaches hugging the mountains” ng Antique bilang tourist spot o attraction. Ayon sa opisyal na website ng Antique (<http://www.antique.gov.ph/binirayan-festival/>), pinasimulan ang Binirayan upang ipagdiwang ang pagsisimula ng Antique bunga ng unang pagdaong ng mga Malayo sa Hamtic, Antique at pakikipagkasundo sa mga Ati na naunang naninirahan rito. Higit sa lahat, ayon sa pamahalaang Antiqueno, ito ring pagdiriwang na ito ay pag-engganyo sa mga layas Antiqueno na magbalikbayan kahit minsan sa isang taon upang makidwang at maramdaman ang pagiging Antiqueno:

“Binirayan Festival is the right time to reunite with the land of our forebears, the fair lands of Antique and the people we left behind. This is Binirayan, a call to its people to come home, to gather the strands and memories of the past so that with pride and confidence, we may look to Antique’s better tomorrow” (<http://www.antique.gov.ph/binirayan-festival/>).

Sa nobela, narito ang sipi mula kay Asenjo hinggil sa Binirayan Festival: “Tuwing Binirayan Festival sa Antique, na sa kabataan ni Sadyah ay ipinagdiriwang tuwing huling linggo ng Disyembre, nagbubukas ito sa pagsasadula ng pagdaong na ito ng sampung datu at sa naganap na palitan” (40). Sa unang tingin, sa siping ito, tila wala itong ipinagkaiba sa kasaysayan at pagturing ng lokal na pamahalaan sa Binirayan at sa pagdaong ng mga datu sa Hamtic, Antique. Tila katunog lang ito ng nasa opisyal na website ng Antique na nagsasabing ang Binirayan ay sinimulan noong 1974 “for the Antiqueños to feel proud of his descendants, the ten, brave Malayan Datus...”

Ngunit sa susunod na sipi, makikita ang interbensiyon ni Asenjo sa kasaysayang ito na isinulat ng mga nasa kapangyarihan:

“Mga Ati ang katutubo ng Panay, sa pamumuno ni Datu Marikudo at ng asawa nitong si Maniwantiwan. Masasabing kaagad nabighani sina Marikudo

at Maniwantiwan, o maaaring mapagtiwala lamang ang mga katutubo sa kabutihan ng tao o kaya'y nahirapang umayaw: ipinagpalit nila ang buong isla ng Panay sa isang gintong salakot at kuwintas na sumasayad sa lupa" (40).

Habang ang lokal na pamahalaan ay nagsasabi na masayang tinanggap ng mga Ati sa pamamagitan ng pakikipagpalitan ang pagdating ng mga Malayo, may bahid ng pagtatanong o interbensiyon ang nobela ni Asenjo hinggil sa palitang ito. Na tila nagtatanong kung nagkaroon ba talaga ng bukas at masayang pagtanggap ang mga Ati (na tila nasilaw sa ginto) at pagbebenta ng lupa sa mga Malayo, o hindi lamang kayang lumaban ("nahirapang umayaw") ng mga Ati sa mga dayo o mananakop na Malayo noong panahong iyon.

Samakatuwid, bagama't maiksi at maliit na bahagi lamang ng nobela, ang interbensiyong ito ay maaaring tingnan bilang pagsalunga sa pagkokondisyon ng mga nasa kapangyarihan. Mapalilitaw kung gayon sa nobela na ang Binirayan Festival ay isang metodo o pamamaraan ng pamahalaan at lokal na naghaharing uri upang magkamal ng kita (turismo ang Binirayan festival), at upang pagtakpan ang di-pantay na distribusyon ng yaman sa Antique (pabalikin ang layas Antiqueno para malimutan na kahirapan ang tunay na dahilan kung bakit sila lumayas), at upang itambol ang isang kasaysayang nakapabor sa Malayo at hindi sa Ati.

Ito ang rasyunal ng Binirayan Festival, sa madaling sabi. Nakalikha ito ng buong politika na nakaayon sa lohika ng naghaharing uri at napasusunod, sa maraming antas, ang mga pinaghaharian. Ang paglikha ng Binirayan Festival ay paglikha ng kondisyon upang pasunurin ang mga Antiqueno. Ika nga ni Foucault, "*methods used, right down to the way of conditioning individuals' behavior, have a logic, obey a type of rationality, and are all based on one another to form a sort of specific stratum*" (105). Ngunit sinasabi rin ni Foucault na maaari itong banggain, tuligsain, at maaaring makalaya mula rito.

Kakikitaan rin na taliwas sa nakalimbag na Maragtas ng Panay, buhay na buhay ang politika ng interbensiyon ng mamamayan sa pamamagitan ng mga mito, kuwentong bayan at mga tsismis sa Antique. Sa katunayan, ganito ang makikita sa ikalimang kabanata ng Lumbay ng Dila. Ikinukuwento ng tauhang si Sadyah kung paanong nilikha ng mga kuwento ng kaniyang Auntie at Uncle, ang mga nag-aruga sa kaniya dahil nga NPA ang kaniyang mga magulang, ang kamalayan, karanasan at espasyo ng kaniyang kabataan. Narito ang kapangyarihan ng pagkukuwento o politika ng oral na tradisyon upang lumikha ng karanasan at kasaysayan:

“Nagsimula siya sa hiling ng kanyang Auntie at Uncle sa pagkukuwento. Lalo na bago matulog. O kabilugan ng buwan at nasa tambisila. Sa di-kalayuan, may pagtitipon ang mga alitaptap sa puno ng akasya” (Asenjo 39).

Mahalaga rin kung paano muling-isinalaysay ni Asenjo sa pamamagitan ng isang talata sa nobela ang relasyong pangkapangyarihan at mito nina Tungkong Langit at Alunsina. Masdan na sa panahon ngayon ng pagmamadali (o pinagmamadali), kung saan hindi na gaanong matiyaga sa pagbabasa ang mga mamamayan, nagawa ni Asenjo na malikhaing ibuod ang mahabang mito: “Paborito niya ang mito tungkol kina Tungkong Langit at Alunsina. Sila ang diyos at diyosa ng Panay. Isang araw, nag-away sila matapos madiskubre ni Tungkong Langit ang pag-eespiya sa kanya ng hangin, sa utos ni Alunsina. Sa halip na humingi ng kapatawaran o maging miserable, lumayas si Alunsina. Nagdusa sa matinding pangungulila si TL. Kaya naisipan niyang likhain ang mundo mula sa memorabilia ni Alunsina. Naging araw ang korona. Naging buwan ang suklay. Naging konstelasyon ng mga bituin ang mga alahas. Ang pagtawag ni TL sa pagbabalik ni Alunsina ay nagiging kulog. Luha ng kanyang pangungulila ang mga patak ng ulan” (39). Sa gayon, ang maikling pagsasalaysay ay maaaring pagbunsuran ng mas malaliman pang pagpapakintal ng mga mito ng bayan tungo sa mga naratibo ng bayan.

POLITIKA NG PINILING LUMABAS SA KALIWA

At bilang bahagi ng tradisyong oral, ang mga mitong tulad nito – at ang muling pagsasalaysay nito – ay pagdalumat sa kasaysayan at sa karanasan ng mamamayan. Matingkad itong ganitong kapangyarihan ng oral na tradisyon hindi lamang sa folkloriko o “katutubong” imahinasyong pampanitikan kundi maging sa kasalukuyang tradisyong oral, kabilang ang “tsismis.” Ipinakita ni Asenjo na hindi nalulugmok ang tradisyong oral, bagkus ay tulad ng anumang bunga ng pakikipag-ugnayan sa lipunan, sa salita ni Rolando B. Tolentino, “Ang panitikan ay hindi hiwalay sa karanasang dulot ng at nagdulot sa panitikan” (38). Sa kontemporaryong panahon, sa panahon ng internet, cellphone, at text, nagpapatuloy ang mga kuwentong bayan at mito, tulad ng sa kuwintas ni Maniwantiwan:

“Noong nasa kolehiyo siya, nagkaroon ng serye ng tsismis tungkol sa pagkadiskubre ng sumasayad na kuwintas ni Maniwantiwan sa isang bundok sa Hamtic. Ganoon din sa isang bundok sa pagitan ng Antique at Capiz at sa Siwaragan river sa San Joaquin, Iloilo. Nagkandarapa ang marami sa paghahanap

ng gintong salakot. Ngunit naging hanggang kuwento lamang din iyon. Sa panahong iyon, matunog ang usapan tungkol sa nakaw na yaman ng mga Marcos" (Asenjo, 40).

Ngunit ang kuwentong bayang ito tungkol sa sumasayad na kuwintas ni Maniwantiwan at gintong salakot ni Marikudo ay binigyan ni Asenjo ng politikal na kulay nang panahong iyon. Ang paghahanap ng mga tao sa kuwintas at salakot ay hindi lamang bilang pursuit of riches, o pananabik na yumaman, kundi ikinintal ni Asenjo bilang paralelismo sa paghahanap ng "nakaw na yaman ng mga Marcos." At samakatuwid, taliwas sa sensationalized na nosyon sa tsismis at pagpako rito bilang lisyas o di kaya'y walang silbi kundi manira, makikita na ang tsismis, tulad ng anumang panitikan, oral man, nakalimbag o dihitla / elektronikong, ay maaaring gamitin para sa pagsisiwalat ng kasaysayan at politika.

Masasabi, kung gayon, na matingkad ang materyal na relasyon ng oral na tradisyon sa pagpapatampok ng mga isyu't usapin, lalo pa't ito ay nasa pagsusog ng mamamayan batay sa daloy ng mga kaganapan. Mula sa pasalitang tradisyong ito ay naihabi ang political spectrum ng bansa mula sa pagkamal ng yaman ng mga sinasabing gahum sa politikal na espasyo, hindi lamang sa Antique kundi sa kabuuan ng Pilipinas.

Sa politikal na spectrum, ang pagbangga at akto ng paglaya ng mamamayan ay maraming antas. Masasabing politikal ang nobelang ito sapagkat ang paghahanap sa sarili ay isang politikal na akto na mismo. Bukod pa ito sa masalimuot na politikal na katangian ng pamilya ni Sadyah. Kung ituturing na si Sadyah ay alegorya ng Antique at Pilipinas, makikita na napakalawak na usapin ang kalayaan ng bansa. Maaari nga bang maituring si Sadyah bilang alegorya ng bansa at ng Antique? Sa kabilang banda ay oo, sapagkat nirerepresenta nito ang masalimuot na political spectrum ng bansa mula sa pagkawing sa reaksyonaryong gobyerno gaya ng kanyang lolo Marcelo na sinasabing mastermind sa pagpaslang sa kanyang kalaban sa politika, hanggang sa pagkamulat sa iba't ibang kalagayan noong ito'y nasa Unibersidad ng Pilipinas, pagiging propesor sa De La Salle University, pagkakaroon ng mga NPA na magulang, pagpasok sa mga multi-kultural na relasyon, pagbalik sa kanyang bayan kasama ng kanyang mga kaanak, at marami pang iba.

Isa sa sentral na usapin sa loob ng nobela ay ang paghahanap (at lumbay) ni Sadyah sa kanyang mga magulang na sila Leandro at Teresa, kapwa naging kumander ng NPA sa Panay. Mayroong pagbanggit sa nobela ang kasaysayan ng "kaliwa" at kung paano ang tunggalian

sa loob at labas ng lumang kilusan. At ang talab ng tunggalian ng politika at ideolohiya ni Sadyah sa kanyang mga magulang at kanyang lolo Marcelo na isang Assemblyman.

Dahil hindi niya naranasan ang makasama ang mga magulang dahil sa pagiging NPA ng mga ito, tila nagkaroon siya ng pagdistansiya sa pagiging aktibista. Sa kanilang eyeball ni Stephen ay naikuwento niyang buhat siya sa pamilya ng mga NPA at lokal na politiko. Sinabi ni Stephen na hindi nito nahalatang aktibista si Sadyah dahil ang totoo ay "...isinumpa (ni Sadyah)...sa harap ng Oblation na hindi (siya) magiging NPA". (Asenjo 20)

Kapansin-pansin rin ang mamamasdan na disgusto ng tauhang si Sadyah sa mga NPA bunga ng pangungulila sa mga magulang nang magkaroon ng komprontasyon sa kanilang dalawa ni Stephen hinggil sa posibilidad na mabuntis siya. Sinabi niyang kung siya'y mabuntis at matanggal sa trabaho ay itutuloy pa rin niya ang bata at:

"Hindi ko siya iiwan sa kamag-anak tulad ng ginawa ng aking mga magulang. Mga selfish sila. Bayan muna bago sarili at ano'ng napala nila? Ng mga tulad nila? Pinapatay ng sarili niyang gobyerno, kinokondena ng kapwa nila Pilipino. Punyetang gobyerno, punyetang simbahan, punyeta kayong lahat!" (Asenjo 94)

Na sa isang banda, bagama't matingkad ang negasyon sa mapagpalayang rebolusyonaryong kilusan ng NPA – at paghilera dito sa mga reaksyonaryong institusyon tulad ng gobyerno at simbahan – ay makikitang ang tauhan ni Sadyah – at ang nanay niyang si Teresa – ay produkto ng kanilang mga sariling desisyon, at sa ilang bahagi ay produkto ng nakaraan ng Kaliwa (Marxista-Leninista-Maoista), at ng mga ideolohikal na suliranin ng Kilusang Pambansa Demokratiko noong panahong iyon. Hindi nga ba't tumigil na sa pagiging gerilya si Teresa at sa halip ay pumasok na sa ilusyon ng pagpapalaya sa pamamagitan ng non-government organization (NGO) bilang pangunahing paraan ng paglaban at pagpapanibago ng lipunan? Makikita ito sa pag-uusap nina Teresa at Sadyah sa *Kabanata 32*:

"So hindi ka na naniniwala na nasa bundok pa rin ang labanan?"

"Let's say, I've evolved." Mahaba ang pagbigkas ni Teresa ng 'say' saka diniin ang 'I've evolved'..."

Sa totoo lang, madaling sabihing kontra-rebolusyonaryo o kontra-Kaliwa ang nobelang

ito ni Asenjo; ngunit sa malalimang pagsusuri, isinisiwalat nito ang isang kasaysayan at karanasan sa Kaliwa o ng Kaliwa na maaaring tingnan bilang paghahanap ng identidad at paghahanap ng pagbabago. Tulad ng anumang paghahanap ng tauhan sa anumang panitikan, mahalaga ang mga batis. Kung gaano kahalaga ang mga nasangguni ay ganoon rin masasabi kung gaano kalalim o kalayo ang mararating ng paghahanap. Sa madaling sabi, ito ang politika ng isang pinili o nagdesisyong lumabas sa kilusang Kaliwa sa halip na manatili sa loob at taluntunin ang pagpapanibagong-hubog at rektipikasyon.

Halimbawa, sa mga sulatin na makikita, sa website ng Partido Komunista ng Pilipinas (www.philippinerevolution.net), naroon ang mga paliwanag hinggil sa panahon ng ideolohikal na pagkakamali nito, mga memorandum para sa pagpapanibagong-hubog at pagwawasto ng mga kamalian (ang tinatawag na Una at Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto), kritika sa pagkahumaling sa ilusyon ng pagpapalaya sa pamamagitan ng civil society politics ng mga NGO (o iyong NGOismo) at ang pagbitaw sa armadong pakikibaka, at iba pang ideolohikal, politikal at organisasyunal na mga babasahin at pabatid. Ito ang wala na sa saklaw ng nobelang Lumbay ng Dila. Ito ang hindi na naging bahagi ng impluwensiya sa nobela, kung kaya't nanatili ito sa personal-politikal na antas ng resolusyon hinggil sa usapin sa Kaliwa – na tila kasalanan ng Kaliwa gayong produkto ito ng buong politikal na mga desisyon at relasyon.

POLITIKA NG WIKA

Mula sa pagtangka ni Asenjo na maipasok o maipaghalo ang mga ilang salita sa wikang Kinaray-a, Tagalog at Ingles, ipinapakita ang pagpapaunlad ng wikang Filipino gamit ang mga wika sa bansa. Ayon nga kay Leoncio Deriada:

“Literature, whose medium is language, can likewise be engineered. Certainly, an indicator of tremendous talent in the creation of contemporary literature and in nation building, the emergent writers of the region have sharpened their sense of locus just as they have succeeded in asserting their place in the nationhood of Philippine Literature”. (73)

Kaya naman nangangahulugan na ang proyektong ito ni Asenjo ay hindi lamang pagpapakita na ang wikang Kinaray-a ay hindi lamang isang dayalek kundi isang wikang may kakayanan na umunlad batay sa paggamit nito. Kapag ang manunulat sa kanyang mga akda ay gumagamit ng rehiyunal na wika, ito ay hindi para gawing dayuhan ang mambabasa

kundi ito’y paggigiit ng kaakuhan at kultura, at paggigiit na bahagi ito ng pambansang wika at ng pagsasabansa.

Halimbawa sinabi ni Asenjo:

“Pinintahan niya ang kalangitan, bandang Manila bay, ng mga ibong banog. Galaw nila na pakampay ang ginagaya ng mga sulodnon at binigyan ng pangalan ng mga Iskolar na binanog. Isang mimetic dance, sabi rito ng mga libro sa teatro, gayundin ng tuklas sining videocassette ng CCP na ginagamit nya sa klase.” (396)

Una, makikita rito na bagama’t gumagamit si Asenjo ng rehiyunal na wika ay layunin nitong gawing pamilyar – at hindi ilayo – ang mga mambabasa sa nasabing wika dahil ipinapaliwanag nito ang kahulugan matapos ang salitang ginamit. Ikalawa, naipatampok ang kulturang binanog na isang sayaw-ritwal ng mga sulodnon na nakaayon sa kilos at galaw ng pagkampay ng mga ibong banog. Ikatlo, dahil naipakikilala ang kulturang ito, pumapasok na rin sa kamalayan ng bansa ang wika, at tradisyon ng pagsasayaw na ito lagpas sa “Luzon-centric” na mga naitampok na katutubong sayaw sa bansa.

Bukod dito, ang pagkasangkapan rin ng wika sa proyekto ng pagsasabansa ay nagpapamalas ng sitwasyong pang-ekonomiya ng lokus o lugar kung saan naka-sityo ang nobela. Sa paggamit ni Asenjo ng mga salitang Kinaray-a na kingke, lab-as at buri, naipapakita ang lokal na ekonomiya ng Barasanan sa Antique bilang bahagi ng pambansang ekonomiya. Tignan ang paghahabi ni Asenjo ng lokal na ekonomiya sa nobela:

“Nakikita niya ang mga gabi ng kuwentuhan nila ng kanilang Auntie Fely at Uncle Lydio, palibot sa kingke, kumukukot ng mais at mani upang ibenta sa bayan para sa lab-as o sariwang isda. Nakikita niya ang mga bala’t matandang babae sa Barasanan na humahabi ng sombrero ng buri, ng bag na buri, ng banig”.

Matingkad dito na habang nasa proyekto ng paggawa ay nariyan ang okasyon ng pagkukwentuhan – isang indikasyon ng komunal at kolektibong aktibidad sa kanayunan gaya ng Antique. At masasalamon rin ang agrikultural na katangian ng bayan at ang kultura ng uring magsasaka.

Pumapasok rin ang ganitong proyekto ni Asenjo sa aktibong pagturing sa wika bilang buhay na instrumento at hindi lamang bilang payak na instrumentong kinakasangkapan o pinagbibitbit ng ideolohiya. Kapag ginagamit ni Asenjo ang mga wika at salitang hindi pamilyar sa mambabasa, ito sa aktwal ay pagpapaunlad ng wika bilang buhay na instrumento. Ganito ang pilosopiya ng wika. Ayon pa nga kay Valentin Volosinov:

“It is further possible to enhance the tool artistically, and in such a way that its artistic shapeliness harmonizes with the purpose it is meant to serve the production, in this case, something like maximal approximation, almost a coalescence, of sign and tool comes about.” (10)

Sa katunayan, si Asenjo ay bahagi ng isang politikal na kilusan sa wika na nagmula sa rehiyon. Kasama si Asenjo sa mga nagpatuloy na magpaunlad ng paniniwala o pilosopiya sa wika ni Deriada. “Practitioners of my idea of Filipino aside from John Iremil E. Teodoro are his fellow Antiquenos Alex C. de los Santos, Ma. Milagros C. Geremia, Jose Edison C. Tondares and Genevive L. Asenjo” (Deriada 80). Ang inang wika ng mga wika sa West Visayas ay Kinaray-a, ayon kay Deriada, at ito’y pinaniniwalaang ang wikang bitbit ng sampung datu ng Borneo at sinasabing ito ang mga ninuno ng mga taga-West Visayas na nakatala sa Maragtas at sa mga epikong Panay. (74)

POLITIKA NG KATAWAN, POLITIKA NG EROTIKA

Bahagi ng paghahanap ng identidad ng pangunahing tauhan sa nobela ni Asenjo ay ang mga karanasan nito sa buhay bilang isang karelasyon. “Siya si Sadyah Zapanta Lopez.” Iyan ang laging pambungad na ngalan, ang pagbabanggit sa kanyang pangalan, na tila isang empowerment – bilang kabuuan ng kanyang pagkatao at pagkababae.

Sa buhay pag-ibig ni Sadyah kina Stephen, Ishmael at Priya, masasabing nirerepresenta nito ang mga identidad at ideolohiya katambal ng mga usapin ng uring panlipunan, relihiyon, nasyonalidad, at relasyong pangkasarian. Si Stephen Chua na mayamang Filipino-Chinese na nag-aaral ng abogasiya sa San Beda, si Ishmael Onos na isang mahirap na manggagawang Filipino-Muslim, at si Priya Iyer na isang Indian corporate professional.

Sa isang bansa na may mahabang kasaysayan ng lahing Austonesyano, kolonyalismo (Kastila, Hapon, at Amerikano), imperyalismo, globalisasyon at pyudalismo, si Sadyah bilang personipikasyon ng Pilipinas ay multi-kultural at masalimuot sa larangan ng ekonomiya, politika, kultura, at maging sa usaping pangkasarian. Mula sa pamantayang burgis na pag-iibigan, sa mga burgis na espasyo gaya ng mga social networking site at akademya kung saan nagkakilala sina Stephen at Sadyah, hanggang sa burgis na espasyo ng lokal na politika kung saan matapos ang isang forum ay doon nagsimula ang pagkakakilanlan nila Sadyah at Ishmael, at hanggang sa burgis na mga espasyo ng business districts at apartment naman kung saan nagtagpo ang landas nila ni Priya.

Sa klasikong akda ni Frederick Engels na *Origin of the Family, Private Property and the State*, sinasabi na ang class love ay pagmamahal sa uring panlipunan na kinabibilangan (o hindi kinabibilangan ngunit ninanais na maging kabahagi nito). Ibig sabihin, ito ay nakabatay sa katayuan sa lipunan. Madalas, sa mga lipunang may uri, ang nagkakatuluyan ay ang magkakarapat ng uri: magsasaka sa magsasaka, manggagawa sa manggagawa, panginoong may lupa sa panginoong may lupa, at burgesya sa burgesya. Bagama't mayroon ring nagaganap na pag-iibigan labas sa sariling uring panlipunan – ito yung pag-iibigan sa pagitan ng magkaibang uring panlipunan o di kaya'y pag-iibigan batay sa uring panlipunan na nais kabilangan. Kapag sinasabing “makauring pag-ibig,” ito'y pag-ibig at pagyakap sa partikular na uring panlipunan. Maaaring petiburgis ka, ngunit maaari kang maging kaisa ng mga manggagawa at magsasaka para ipagtanggol at palayain ang kanilang mga uri. Tinatawag itong class love. Sa isang banda, may tinatawag namang sex love. Ang batayan nito ay atraksyon, pisikal at emosyonal, bagama't malaki pa rin ang kinalaman ng uring panlipunan sa kung anong klase ng atraksyon ito – batay sa kinalakhang lipunan at kultura.

Makikita ang salimbayan ng class love at sex love sa malaking bahagi ng nobela ni Asenjo, lalo na iyong tumatalakay sa danas na erotika ng personang si Sadyah at ng mga nakarelasyon niya. Madalas na kapag nakababasa ng mga ganitong uri ng erotikong akda na isinulat ng babae ay nagdo-double standard ang lipunang seksista at patriyarkal. Tila ipinapako sa krus ang babaeng nagsasaad ng kanyang sekswal na kaluguran at pinaparatangang masama, malandi o puta. Ang ganitong pananaw ang binabalikwasan ng maituturing nating feministang akda ni Asenjo. Ito ay isang feminista at mapagpalayang asersyon para sa karapatan ng kababaihan na isiwalat nang responsable at makatao ang politika at ideolohiya ng kanyang katawan.

Ayon nga kay Audre Lorde, ang erotic ay mula sa orihinal na Griyegong salita na nangangahulugang pagmamahal o pag-ibig. Kung kaya't ang erotikong akda lalo na ng babae ay malaya at responsableng pagpapahayag ng kanyang sekswalidad at katauhan. Isinisiwalat nito ang madalas na itunuturing na taboo o hindi dapat pag-usapan nang hayagan, gayong sa napakahabang panahon ng mga kababaihan ay hindi naman dati ito ipinagbawal (Lorde 53-59), hanggang sa nagkaroon ng imposisyon ang patriyarkiya at pyudalismo. Sa Pilipinas, halimbawa, ipinako sa krus ng kolonyalismong Kastila ang kababaihan at pinagbawalang ipahayag nang malaya ang kanilang sekswalidad. Mula sa confessorario (o manwal sa pagkukumpisal) ng mga prayle tulad ni Sebastian de Totanes hanggang sa mga manual de urbanidad tulad ng Urbana at Feliza ni P. Modesto de Castro, ang kababaihan ay sinaplutan nang sinaplutan at pinagbawalang umawit ng mga awit, epiko at iba pang oral na panitikang mayroong matingkad na o bahid ng sekswal na nilalaman.

Bahagi ito ng represyon sa mga kababaihan. Ang pagbabawal sa kanila na maghayag ng erotismo ay naglagay sa kanila sa isang pakete na hinulma ng patriyarkiya at pyudalismong Kastila. Ginawa ng mga sistemang ito na takot, mahina, sunud-sunuran sa dikta ng lalaki at lipunan ang babae. Na tila ang babae'y laging may *"fear that we cannot grow beyond whatever distortions we may find within ourselves"* kung kaya't nanatili ang babae na *"docile and loyal and obedient, externally defined"* at nakukulong sa pagtanggap na lamang sa *"many facets of our oppression as women."* (Lorde 58)

Ganito ang binabaka magpahanggang ngayon. Kung kaya't sa mapagpalayang kilusan ng kababaihan ay sumulpot ang tinatawag na engendered writing o panitikang malay sa kasarian at sekswalidad. Sinabi nga ni Lorde na may pangangailangan na muling buhayin ang ganitong pagpapahayag dahil *"the erotic offers a well of replenishing and provocative force to the woman who does not fear its revelation, nor succumb to the belief that sensation is enough"* (58). Ang muling-pag-aangkin sa erotika ay muling pag-aangkin sa katawan ng babae at pagkakaroon ng kapangyarihan na ihayag ang politika at ideolohiya ng kaniyang katawan.

Sa puntong ito, maaaring maipakita ng isang babae kung ano ang halaga, silbi, lawak at lalim ng kaniyang karanasang erotika. Maaari itong maging kasangkapan para palayain ang kaniyang personal, na politikal rin naman, laban sa pangsasadlak ng patriarkiya. Ayon pa kay Lorde:

"The erotic has often been misnamed by men and used against women. It has been made into the confused, the trivial, the psychotic, the plasticized sensation. For this reason, we have often turned away from the exploration and consideration of the erotic as a source of power and information, confusing it with its opposite, the pornographic. But pornography is a direct denial of the power of the erotic, for it represents the suppression of true feeling. Pornography emphasizes sensation without feeling. (58)

Sa *engendered writing*, at sa pagtalakay ng erotismo, maisisiwalat kung paano dinayukdok ng patriyarkiya at pyudalismong sistema ang erotikong kaakuhan ng kababaihan. Sa kasaysayan at sa panitikan, naging malaking bahagi ang hegemonya o gahum ng patriyarkiya, at sila ay agresibong tumatalakay ng kanilang mga sekswal na karanasan at pandarahas sa babae. Sila rin ay pinaratangan at ikinahon ang erotika ng babae bilang pagpuputa, kabaliwan, kababawan, kalandian, imoralidad, gayung sa totoo, sa materyal na kondisyon, bahagi talaga ng buhay ng babae man o lalaki o may piniling kasarian ang erotismo.

Mapapansin, halimbawa, sa erotika ni Asenjo, na ang pagsisiwalat ng mga sekswal-emosyunal na akto ay banayad at hindi bulgar. Taliwas sa bulgarismo na palasak sa pornograpiya, makikita sa erotika na mayroong balanse ng sensasyon at emosyon. Ganito ang pagtahi ni Asenjo hinggil sa erotikong karanasan at sa mga kuwentong bayan:

"Animo'y may bilis ni Ati Bulalakaw ang mga kamay ni Stephen sa pagtanggap ng kanyang bra habang sinisikap niyang mag-relax, bahagyang nakabuka ang bunganga, at sinisiil siya ng halik ng binata. Napapikit siya, tulad sa mga pelikula. Pero binuksan din niya, dahil gusto niyang makita, at iyon nga, nakapikit si Stephen at para bang hinog na mangga ang kanyang mga bibig na kailangang lasapin" (74-75).

Hindi lamang pisikal na akto ang pakikipagniig, kundi pagsisiguro na pantay at patas ang kaluguran; kapwa giver-receiver ang bawat isa, walang nangingibabaw at walang napangingibabawan anupaman ang posisyon nila sa panahon ng pagtatalik. Sa siping ito makikita na hindi *passive receiver* si Sadyah. Kapwa sila aktibo ni Stephen.

Sa kaso naman ng erotika nina Sadyah at Ishmael, ang mutuality ay nanaig. Sa esensya

ay mayroong talakayan para kapuwa mahinuha ng dalawa ang pagiging buo ng erotikong karanasan at upang hindi maging maka-isang panig ang pagtrato sa isa't isa. Ibig sabihin, ang esensya ng erotikong karanasan ay hindi ang akto ng pagniniig kung hindi ang pagiging isa, ang pagsasanib ng dalawang katawan at dalawang diwa:

“Puti ang briefs ni Ishmael. Kung humalik, malalim ang pagkauhaw. Kinakain ang buong bunganga ng dalaga. ‘Relax lang,’ bulong ni Sadyah. Lyon, at magdahan-dahan ang binata, para uling kumakagat ng mangga, parang dumidila ng tulo ng ice cream sa hawak-hawak na cone.

“Mabilis din si Ishmael, iyong nag-aapura. Dahan-dahan, sasabihin ng dalaga, at magdadahan-dahan ito. Ibinuka ng dalaga ang kanyang mga hita, inaashang susubsob doon ang binata.

“Ibinaon ni Sadyah ang kanyang mga kuko sa ulo ng binata, isang pagmasahe. Pababa sa batok nito, sa leeg; paminsan-minsan lumilipat sa paghaplos sa tainga ni Ishmael. Hanggang sa dumagundong ang katre sa ritmo ng kanilang mga balakang, may hiyaw ng tugtog ni Bob Marley, lahat sa posisyong missionary.” (Asenjo 154-155)

Dito maipapakita na taliwas sa dominanteng pagtingin na ang missionary position ay pagdodomina ng lalaki sa babae, ito ay isa lamang sa maraming posibleng posisyon upang kapuwa malugod (o maluguran) ang babae at lalaki. Sa siping ito ay binabaklas ang patriyarkal na istruktura ng missionary position dahil malayang naipapahayag ni Sadyah ang kanyang sarili sa paggabay kay Ishmael.

Mainam rin na tingnan ang metapora at politika ng mga katagang lumbay ng dila – ang dila bilang politikal, emosyunal at erotikong pagsisiwalat. Ang dila, kung gayon, ay nagrerepresenta ng tatlo o higit pang aspektong ito. Una, ang napakapolitikal at emosyunal na lumbay ng dila – o ang lumbay na hindi pa buong-buong kilala ang sarili dahil hindi lumaki sa piling ng mga magulang. Ikalawa, ang lumbay ng dila na nangangahulugang pagnanais na makipagkuwentuhan (at makilala) ang mga magulang at ang sarili. Ikatlo, ang lumbay ng dila na nangangahulugang pagnanais na magbukas ng espasyo at sarili sa mga karelasyon – sa lebel ng emosyunal at sekswal, kasama na rin ang buong konsepto ng pag-ibig at paglikha ng pamilya, paghahanap ng sarili at pagbubuo ng sarili.

Halimbawa, sa pangwakas na talata ng nobela, makikita ang isang napaka-erotikong tagpo – kung paanong ang dila, na siyang metapora ng lahat ng pagnanais na makapagsalita, malayang makapagpahayag, makilala ang sarili, at makasama ang minamahal, ay dumulo sa transisyon mula lumbay tungong tamis: “Nilakad nila ito sa maghapon, magkahawak-kamay, hanggang ang lumbay ng kanilang mga dila, naging tamis ng takipsilim”. (Asenjo 486)

Ito ang pinaka-erotiko sa lahat ng mga tagpo sa nobela. Dahil sa nosyon ng erotika, hindi lamang sekswal na paglalapat ng kanilang mga labi ang naging buod ng pagtatagpo ng kanilang mga labi sa “tamis ng takipsilim” kundi ang lahat ng masalimuot na isyung umiinog sa kanilang politika at ideolohiya ng katawan, kaakuhan, at bansa ay nagtagpo at naging “tamis ng takipsilim.”

POLITIKA NG KONTEMPORANYO

Ani Resil Mojares, *“the second fact about the Filipino novel is its syncretic form. It has combined simpler forms or elements from these forms. This syncretism is not only a purely literary phenomenon but involves the way the structure of the Filipino novel was conditioned by the facts of its social context.”* (367)

Aplikable pa rin ang pahayag na ito ni Mojares hinggil sa mga naunang nadebelop na nobelang Filipino – ang pagsasanib ng mga porma bilang bahagi ng pag-iistruktura ng nobelista / manunulat at ng lipunang iniinugan nito. Ang Lumbay ng Dila ay kakikitaan ng sinkretikong pagkalikha bunga ng politika ng kontemporaryo at ng politika ng lahat ng kasaysayang pinagdaanan at pinagdaraan. Mula sa mga elemento at porma mula sa mga mito, epiko, kuwentong bayan at komposo (Visayan ballad) sa Panay hanggang sa kontemporaryong tula ng Maynila at hanggang sa digital at elektronikong porma ng cyberspace at cellphone, ang Lumbay ng Dila ay naging konglomerasyon upang makabuo ng kontemporaryong nobelang Filipino.

Sa isang banda, maaaring sabihing may eksperimentasyon si Asenjo sa porma – mula sa malayang pagsasanib ng mga modernong epistolaryo (liham) ng Friendster chat at text messaging hanggang sa malayang pagpasok ng mga makabagong tula at modernong rendisyon ng mga kuwentong bayan at mito. Sabi nga ni Tolentino:

“Tunguhin ng eksperimental na makalikha ng bago. Pero itong bago ay hindi bagong

bago. Walang nalilikha na bago mula sa bula. Ang bago ay nililinang ng isang mahabang eksperimentasyong makapagluluwal ng hindi bago pero makabago. Ang makabago ay may stake na baguhin ang luma, hidi lamang mapresenta bilang katumbas ng luma. Samakatuwid, ang bago ay may hangaring mabago ang luma sa pagtataya sa bagong karanasang sumasambulat at namamayani sa kasalukuyan. Dahil ang luma ay hindi lubusang nakaaangkop sa bagong karanasan, kailangan ng bago at makabagong porma, kombensyon, at genre na makapaglilinang ng bagong karanasan.” (34-35)

Ang makabagong karanasan bunga ng teknolohiya ay nauunawaan ng kontemporaryong mambabasa na nakararanas o gumagamit ng teknolohiyang ito. Nangangahulugan ito na ang kontemporaryong nobelang Filipino ay hindi nakapagtataakang maaaring magpagitaw ng ganitong sinkretismo bunga ng kontemporaryong teknolohiya. At sa pagpapanitik na ito ay naipapagitaw ang pagpapakaranasan sa mambabasa.

Mahalaga ring puntuhin na hindi lamang sapat na mag-eksperimento sa pagsusulat at paglikha ng nobela o anumang panitikan. Nararapat na ang pag-eksperimento ay maunawaan. Ganito ang talab ng Lumbay ng Dila ni Asenjo. Sa salita ni Tolentino: “Kung gayon, ang eksperimental ay hindi lamang paglikha ng bagong walang nakauunawa. Kailangang iugnay ng eksperimental ang luma at bago sa panitikan at karanasan, maging ang pagsulat at ang teknolohiya ng pagsulat.” (35)

At panghuli, ayon sa Pambansang Alagad ng Sining Bienvenido Lumbera, “Hangga’t ang mga panitikang panrehiyon ay hindi pa nasisinop ng mga iskolar at kritiko, nakabimbina ang pagbubuo ng tunay at awtentikong kanon, at hindi pa rin tayo handa para pag-usapan nang may bahagyang katiyakan ang tinatawag nating Pambansang Panitikan” (165).

Kaya isang malaking hamon ito’t asersyon na rin marahil na kagyat na bigyang halaga at puwang ang mga likhang sining ng mga manunulat sa rehiyon. Isang akto ng pagpapalaya sa pagbubuo ng pambansang panitikan ang sabayang pagpapaunlad ng mga likhang panitikan mula sa mga manunulat ng bawat rehiyon. Ang Lumbay ng Dila ni Asenjo ay maaaring mapabilang sa sinasabing mga “kanon” ng literaturang Filipino sapagkat matagumpay nitong naipamalas ang iba’t ibang tunggalian sa kasarian, kultura, at ekonomiyang pampulitika ng mga kondisyong umiigpaw sa lipunang Pilipino mula sa mga rehiyon patungo sa pambansang saklaw.

MGA AKDANG BINANGGIT

Asenjo, Genevieve L. *Lumbay ng Dila*. C & E Publishing, Inc. 2010.

Deriada, Leoncio. "Literature Engineering in West Visayas." *Kritika Kultura: A Refereed Electronic Journal of Literary / Cultural and Language Studies*, no. 1, Feb. 2002, pp. 73-89, www. <http://journals.ateneo.edu/ojs/index.php/kk/article/view/1586/1611>. Inakses 28 Mar. 2013.

Foucault, Michel. *Politics, Philosophy, Culture: Interviews and Other Writings, 1977-1984*. Inedit at may introduksyon ni Lawrence D. Kritzman, Routledge, Chapman & Hall, Inc., 1998.

Lorde, Audre. "Uses of the Erotic: The Erotic as Power." *Sister Outsider: Essays and Speeches*. The Crossing Press, 1984, pp. 53-59.

Lumbera, Bienvenido L. "Panitikang Panrehiyon, Panitikang Pambansa: Magkabukod at Magkarugtong." *Writing the Nation / Pag-aakda ng Bansa*. University of the Philippines Press, 2000. pp. 162-65.

Mojares, Resil. *Origins and Rise of the Filipino Novel*. University of the Philippines Press, 1983.

Province of Antique. www.antique.gov.ph/tobias-fornier/. Inakses 31 Mar. 2013.

Teodoro, John Iremil E. "A Brave and Beautiful Filipino Feminist Novel," 6 Apr. 2010, GMA Network, www.gmanetwork.com/news/story/187779/lifestyle/reviews/a-brave-and-beautiful-filipino-feminist-novel. Inakses 28 Mar. 2013.

Tolentino, Rolando B. *Ang Bago, Bawal at Kasalukuyan*. Anvil Publishing Inc., 2004.

Williams, Raymond. *Keywords: A Vocabulary of Culture and Society*. Revised ed., Oxford University Press, 1983.

Volosinov, Valentin. *Marxism and the Philosophy of Language*. Isinalin nina Ladislav Matejka at I.R. Titunik, Harvard University Press, 1973.